Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-24 NG NOBYEMBRE, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

**KAPASIYAHAN BLG. 250-T'99**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 162-T'99/ KAUTUSAN NG PAGLALAAN BLG. 8-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA ITINUTUGMA ANG MGA GUGULIN PARA SA RENOVATION OF TANOD HALL NA NAGKAKAHALAGA NG ANIMNAPUNG LIBONG PISO (P60,000.00) NA NAKAPALOOB SA 20% DEVELOPMENT FUND AT ANG HALAGANG DALAWAMPU'T SIYAM NA LIBO TATLONG DAAN PITUMPU'T WALONG PISO (P29,378.00) MULA SA LOCAL GOVERNMENT EQUALIZATION FUND NA MAY KABUUANG HALAGANG WALUMPU'T SIYAM NA LIBO TATLONG DAAN PITUMPU'T WALONG PISO (P89,378.00) PARA SA PAGPAPAAYOS NG KASIRAAN NG BARANGAY DAY CARE CENTER NG BARANGAY NG PAGSAWITAN.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 162-T'99/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 08-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na naglalayong makapagtugma ng mga gugulin ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ang naturang pagtutugma ng gugulin ay naaayon sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet at pagtutuos;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng mga laang gugulin ay kapananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ang Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN** : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 162-T'99/Kautusan ng Paglalaan Blg. 08-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na itinutugma ang mga gugulin para sa Renovation of Tanod Hall na nagkakahalaga ng P60,000.00 na nakapaloob sa 20% Development Fund at ang halagang P29,378.00 mula sa Local Government Equalization Fund na may kabuuang halagang Walumpu't Siyam na Libo Tatlong Daan Pitumpu't Walong Piso (P89,378.00) para sa pagpapaayos ng kasiraan ng Barangay Day Care Center ng Barangay ng Pagsawitan .

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ng Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Pagsawitan, lahat sa bayang ito,para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

**HEIDI S. CIRIACO**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan